
Del Rosario Christian Institute

# Aralin 3:


# Kapag Palabasa, Talino ay Mahahasa



Ang Pagbabasa ay nakakatulong upang kaalaman ay mahasa.

## Panimula

Sa iyong kwaderno, iguhit ang sa loob ng kahon ang dalawa sa paborito mong mga aklat. Isulat ang pamagat ng mga ito sa ibaba.



## Basahin at Unawain

Mahilig ka bang magbasa ng aklat? Ano - ano na ang mga aklat na iyong nabasa?

Halina at basahin natin ang kwento ng magkapatid na sina Leo at Lea.

### Halina at Magbasa!



Isinama ni Leo ang kanyang kapatid na si Lea sa pampublikong silid-aklatan sa kanilang baranggay.

"Kuya Leo, nakita mo po na ba ang aklat na hinahanap mo?" tanong ni Lea.

"Oo, nakita ko na ang aklat na kailangan ko," sagot ni Leo.

"Magbasa ka muna ng aklat, Lea, habang sinusulat ko ang sagot sa aking takdang - aralin," wika ni Leo.

Tahimik na nagbasa si Lea ng mga tala sa isang diksiyonaryo. Pagkatapos magsulat ni Leo, lumabas na sila ng silid - aklatan.

"Napakarami pala talagang aklat doon, Kuya Leo," wika ni Lea.

"Iba't ibang uri ng aklat at iba pang babasahin ang makikita sa silid-aklatan. May aklat na malaki, mayroon din namang maliit. Ang ibang aklat ay may iba't ibang kulay at hugis. Ang ibang aklat ay makapal, mayroon din namang manipis. Nasusulat din ang nilalaman ng aklat sa iba't ibang wika. Mayroon ding mababasang mga diyaryo at magasin sa silid - aklatan." paliwanag ni Leo sa kapatid.

" May silid-aklatan din sa inyong paaralan, hindi ba? tanong ni Leo kay Lea.

“Opo, Kuya Leo. Ilang beses pa lang po akong nakapunta roon. Sa Lunes po, pupunta ako at manghihiram ng aklat, Kuya Leo.” sagot ni Lea.

“Tama iyan, Lea. Marami kang matututuhan sa iyong pagbabasa. Sa ganitong gawain, madaragdagan ang iyong kaalaman tungkol sa mga bagay at sa iyong paligid,” huling wika ni Leo.



## Makabuluhang Talakayan

Basahin at unawain ang kahulugan ng bawat salita.

**TALA: Salita at Kahulugan**

**diksiyonaryo** - aklat na naglalaman ng mga salita at mga kahulugan nito.

**diyaryo** - babasahin na naglalaman ng mga balita o pangyayari sa paligid

**silid-aklatan** - isang silid kung saan matatagpuan ang iba't ibang uri ng aklat at iba pang babasahin.

## Pagsipat at Pagsuri

Basahin ang tanung at sagutan. Isulat sa inyong kwaderno ang tamang sagot.


1. Saan nagpunta ang magkapatid na Leo at Lea?
   ______________________________________
2. Bakit sila nagpunta roon?
   ______________________________________
3. Ano-ano ang mga nakita ng magkapatid sa kanilang pinuntahan?________________________________
4. Ano ang natutuhan ni Lea sa kanyang kapatid?
   ______________________________________
5. Bakit mahalaga ang pagbabasa?
   ______________________________________

## Aralin sa Wika


# Bahagi ng Aklat

Ang **aklat** ay may iba't ibang bahagi. Basahin ang katuturan ng bawat bahagi nito.


1. **Pabalat** - Ito ang takip ng aklat. Nakasulat dito ang pamagat ng aklat, pangalan ng may-akda at ilustrador.




2. **Pahina ng Pamagat** - Ito ang unang pahina ng aklat. Dito nakasulat ang pamagat ng aklat, pangalan ng may - akda at ang naglimbag nito.




3. **Pahina ng Karapatang-ari** - Dito makikita ang pangalan ng naglimbag ng aklat at kailan ito ipinalimbag.


**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikalawang Baitang**
**Kagamitan ng Mag-aaral**
**Unang Edisyon, 2013**
**ISBN: 978-971-9601-33-3**

**Paunawa hinggil sa karapatang-sipi**. Isinasaad ng Seksiyon 176 ng Batas Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala (*publisher*) at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Br. Armin A. Luistro FSC
Pangalawang Kalihim: Yolanda S. Quijano, Ph.D.

**Mga Bumuo ng Patnubay ng Guro**

**Consultant**: Jennifer Ellazar-Lopez

**Mga Manunulat:** Victoria Guia-Biglete, Maria Carla Mabulay-Caraan, Rolan Baldonado Catapang, Isabel Monterozo-Gonzales

**Tagasuri**: Erico M. Habijan, Ph.D.

**Mga Naglayout:** Leah David Bongat
Ma. Theresa M. Castro


**Illustrator:** Raymond Sabarez Bermudez

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ____________

**Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS)**

Office Address: 2nd Floor Dorm G, PSC Complex
Meralco Avenue, Pasig City
Philippines 1600
Telefax: (02) 634-1054 or 634-1072
E-mail Address: imcsetd@yahoo.com

4. **Paunang Salita** - Dito nakasulat ang layunin ng may akda sa pagkakasulat sa aklat at kung para kanino ang aklat.



PAUNANG SALITA/PANIMULA

PREFACE

THIS book deals with life in a big preparatory school, and tells about the boys and masters, their goings-out and their comings-in. All the characters are imaginary, and no allusion is meant to any living person.


The boys, who first appeared in *Meredith & Co.* and *King Willow*, once again present themselves for a short time during a cricket match.

I wish to record my thanks to my old friend Mr H. E. Howell, for so kindly reading the manuscript and the proofs. I also recognize the kindly aid of a schoolboy, Terence Hadow, whose criticisms have been invaluable, as also has the encouragement given to me by my friend, Mr Egerton Clarke, who has read the book in manuscript form. My thanks are also due to Mr A. L. Mackie, who has kindly helped to read the proofs.

G. M.

Dito pinakikilala ang may akda, at mga dahilan o layunin kung

5. **Talaan ng Nilalaman** - Nakatala rito ang mga paksang tinatalakay at ang pahina kung saan makikita ang bawat isa.



Talaan ng nilalaman

**Kabanata 1**

**Suliranin at Sanligan ng Pag-aalan**..........1

Panimula..........2

Kahalagahan ng Pagaaral..........3

Saklaw at Delimitasyon..........4

Paglalahad ng Suliranin..........4

Layunin..........4

Teorya ng pag aaral..........4 - 5

Kahulugan ng Termino..........5

**Kabanata 2**

**Mga Kaugnay na Pag-aaral at Literatura**..........6

Lokal na Literatura..........7

Dayuhang Literatura..........8

**Kabanata 3**

**Presentasyon at Interpretasyon ng mga Datos**..........9


Sarbey..........10 - 110

Mga Patunay..........111 – 113


Mga Talangguhit..........114 – 123

Interpretasyon ng mga Datos..........124 – 125

6. **Katawan ng Aklat** - Dito matatagpuan ang mga aralin at ang paksang tinatalakay sa bawat isa.



7. **Talahuluganan** - Dito nakasulat ang kahulugan ng mga salitang mahirap maunawan. Ang mga salita ay nakaayos paalpabeto. Matatagpuan ang talahulugan sa huling bahagi ng aklat.



Baking By Temperature

For the benefit of housewives who follow the new method of temperature cooking and for those who wish to learn how, the following table is given.

Terms and Processes Used in Cookery

## Tandaan

Ang aklat ay may iba't ibang bahagi: Pabalat, Pahina ng Pamagat, Pahina ng Karapatang-ari, Paunang Salita, Talaan ng Nilalaman, Katawan ng Aklat, at Talahulugan.

## Pagsasanay sa Wika

A. Sa inyong kwaderno, isulat ang bahagi ng aklat na inilarawan sa bawat bilang.

________________1. Nakasaad dito ang layunin sa pagkakasulat ng aklat.
________________2. Ito ang takip ng aklat
________________3. Makikita rito ang pangalan ng may-akda.
________________4. Matatagpuan dito ang pahina ng mga paksang tinatalakay sa aklat.
________________5. Nakasaad dito kung kailan ipinalimbag ang aklat.

B. Sa inyong kwaderno, isulat ang pamagat ng iyong paboritong aklat at ang may akda nito.

____________________________________________________
____________________________________________________
____________________________________________________